



Kabanata 18: Mga Serbisyo ng Koreo

Pangkalahatang impormasyon

Ang mga serbisyo ng koreo sa Hong Kong ay inilalaan ng Hong Kong Post, na nag-aalok ng maasahan at mahusay na serbisyo sa tamang mga presyo.

Upang matiyak na maihatid agad ang iyong sulat, maglagay ng selyo sa itaas na kanang sulok ng sobre at malinaw na isulat ang address. Kung hindi, maaari itong maantala dahil sa espesyal na pag-aasikaso. Pinaaalalahanan ka rin na tiyakin na sapat na halaga ng selyo ang binayaran mo para sa lahat ng item na ibinigay mo para sa pagpapadala.

May magagamit na isang online tool na “Correct Addressing” sa Hongkong Post website at Hongkong Post Mobile App upang matulungan ang pangkalahatang publiko na madaling makita ang tamang format ng address sa lokal na koreo. Binibigyang kakayahan din kayo ng tool na i-print ang address sa mga sobre at ang mga label ng address para sa pagpapadala sa koreo o sa iba pang mga layunin. Upang mapadali ang pagbabalik ng mga hindi naipadalang koreo, mangyaring isulat ang pangalan ng nagpadala at ang address sa itaas na kaliwang bahagi ng harapan ng sobre o sa likod ng sobre. Ang karagdagang mga detalye ay maaaring makita sa: http://www.hongkongpost.hk/en/about_us/tips/correct_address/index.html/.

Ang lahat ng airmail na sulat ay dapat na may asul na “By Air Mail” na tatak. Ang mga ito ay makukuha sa lahat ng post office nang walang bayad. Ilagay ang tatak sa itaas na kanang sulok ng bahagi ng address ng sobre o malapit sa address na nasa mga parcel at pakete. Kung wala kang tatak ng airmail, isulat ang “BY AIR MAIL” sa sobre.

Ang lahat ng parcel na ipinapadala sa pamamagitan ng koreo ay dapat na ideklara sa Customs sa espesyal na mga form na makukuha sa mga post office. Ang detalyado at makatotohanang paglalarawan (hal. mga detalye, dami at bigat o laki, atbp.) ng nilalaman ng ipapadala ay dapat na ilagay sa customs declaration form. Para sa impormasyon sa mapanganib na mga bagay na ipinagbabawal sa pagpapadala, maaari mong bisitahin ang website sa <https://www.hongkongpost.hk/filemanager/common/poguide/en/6.3.pdf>.

Mga serbisyo sa koreo

Ang Hong Kong Post ay nag-aalok ng karaniwang mga serbisyo sa koreo para sa mga sulat, postcard, inimprentang mga papel (para sa ibang bansa lamang) at mga parcel, at gayundin angiba pang mga serbisyo tulad ng mga sumusunod:

Redirection Service: Kung ikaw ay lilipat ng tirahan, madali lang isaayos na maipadala ang iyong sulat mula sa address ng iyong negosyo o bahay sa iyong bagong addresss, sa Hong Kong o sa ibang bansa. May makukuhang mga application form para sa serbisyong ito sa lahat ng mga post office o maaari kang mag-download mula sa website sa www.hongkongpost.hk/en/receiving_mail/redirection/.

Speedpost: Ang Speedpost ay nag-aalok ng kombinyente, mabilis at sulit na internasyonal na serbisyo sa pagpapadala sa mahigit 210 destinasyon sa buong mundo at 1,900 na mga lungsod sa Mainland China. Ang Speedpost ay sinusupportahan ng 24-oras na online tracking at money-back guarantee na nagbibigay ng higit na kapanatagan sa kustomer. Ang mga detalye sa impormasyon ng serbisyo ay makukuha sa Speedpost Rate Plan (Pos15A/1) at Posting Guide (Pos15A/2) na makukuha sa website www.speedpost.hk, at sa bawat post office habang mayroon pang natitirang stock.

Local CourierPost: Ito ay isang mabilis, maaasahan, kombinyente at sulit na alternatibo para sa lokal na paghahatid ng lokal na koreo. Para sa mga item na ipinadala sa oras o bago ang cut-off ng isang araw ng trabaho, ginagarantiyahan ng Hong Kong Post ang nasa oras na paghahatid sa mga lugar ng serbisyo. Maaari mong bisitahin ang website sa www.hongkongpost.hk/eng/services/lcp/index.htm para sa higit pang impormasyon.

Registered Mail: Kapag nagpadala kayo ng isang mahalagang bagay, maaari ninyong piliin ang serbisyong ito, kung saan ang isang sertipikong pagpapadala sa koreo ay ibibigay kapag ipinadala na ninyo sa koreo ang mga aytem. Para sa impormasyong tungkol sa serbisyong rehistrasyon, maaari kayong bumisita sa website sa www.hongkongpost.hk/en/sending_mail/local/registered/.

Smart Post: Isa itong matipid na mapagpipilian para sa lokal na pagpapadala. Mayroon itong pasilidad na online tracking, at magpapadala sa iyo ng alert sa pamamagitan ng e-mail kapag matagumpay na naihatid ang item sa address ng tatanggap o kinuha na sa itinalagang post office. Para sa mga detalye ng serbisyong ito, pakisuyong bumisita sa www.hongkongpost.hk/en/sending_mail/local/smartpost/.

Insurance: Kapag nagpapadala ng anumang halaga, maaari mo itong ipa-insured sa Hong Kong Post upang mabayaran ka kapag nawala ang item. Pakisuyong tingnan sa mga post office o mag-browse sa aming website www.hongkongpost.hk/en/sending_mail/international/air/insured/ at tingnan ang mga bansa na nag-aalok ng ganitong serbisyo.

Serbisyong Post Office Box: Ang mga pribadong Post Office Box ay available para sa pagtanggap ng mga pakete na kokolektahin ng umuupa o ng kaniyang ahente bilang isang alternatibo sa paghahatid ng kartero sa lugar ng address. Ang mga pribadong post office box ay maaaring rentahan ng mga residente ng Hong Kong na edad 18 pataas o mga negosyo o organisasyon na lokal na nakarehistro. Para sa mga detalye ng serbisyo, mangyaring bumisita sa https://www.hongkongpost.hk/en/receiving_mail/letter_boxes/pobox/index.html.

Piliin ang Collection Post Office at “iPostal Station”

Sa pagtupad sa mga nagbabagong pangangailangan ng e-commerce, ang Hongkong Post ay nagbibigay ng isang solusyong pagkolekta ng koreo upang maisamoderno ang karanasang mag-shopping nang online. Pagkatapos ng pagpaparehistro online sa Mail Collection Number (MCN) sa EC-ship online na plataporma, maaari ninyong piliin ang kolektahin ang aytem sa koreo sa mga piling self-service na “iPostal Station” at/o sa isang post office nang walang dagdag na bayad. Para sa mga detalye ng serbisyo, mangyaring bumisita sa www.hongkongpost.hk/en/receiving_mail/mcn/.

Karagdagang mga serbisyo

PayThruPost: Maaari kang masiyahan sa minsanang pagbabayad sa pamamagitan ng Hong Kong Post PayThruPost. Ang iyong mga bayarin sa pamahalaan at utility bill ay maaaring bayaran sa alinmang mga post office sa buong Hong Kong sa pamamagitan ng Serbisyong PayThruPost. Ito ay simple at kombinyente. Para sa higit pang detalye, pakisuyong bumisita sa www.hongkongpost.hk/en/services/payment/.

Serbisyong e-Remittance: Ang Hongkong Post ay nagkakaloob ng serbisyong Western Union e-Remittance. Ang serbisyong ito ay nagbibigay sa inyo ng isang matipid at episyenteng paraan ng pagpapadala / pagtanggap ng pera. Ang Western Union e-Remittance ay nasa 49 na piling post office, kung saan pinapahintulutan kayong magpadala ng pera sa higit pa sa 200 bansa at mga teritoryo sa buong mundo. Ang mga tatanggap ay makakatanggap ng pera sa

higit pa sa 515,000 lokasyon ng mga ahente. Para sa karagdagang detalye, mangyaring bumisita sa: https://www.hongkongpost.hk/en/services/remittance/electronic_remittance/index.html/.

Makipag-ugnayan sa amin

General Enquiry	2921-2222
Mail Tracing	2921-2211
Speedpost / Local CourierPost <ul style="list-style-type: none"> • Pick-up • Account Opening • Account Enquirie 	2921-2266 2921-2277 2921-2248
Philatelic Services	2785-5711
Certification Authority (e-cert) Services	2921-6633
Counter Services	2525-5856
Mail Delivery	2723-3454
Street Posting Boxes	2356-2516
E-mail	hkpo@hkpo.gov.hk
Fax	2868-0094
Website	www.hongkongpost.hk
Mobile Application	<p>iPhone/iPad version</p>  <p>Android version</p> 